

Senior Farmers Market Nutrition Program Mga Karapatan at Responsibilidad ng Kalahok

Ang Senior Farmers Market Nutrition Program (SFMNP) o Programa ng Nutrisyon para sa Senior Citizen sa Merkado ng Magsasaka ay nagtutustos ng preskong prutas at mga gulay sa mga senior citizen na may mas mababang kita na may layuning pagpapabuti ng estado ng kanilang kalusugan at nutrisyon. Sumusuporta rin ito sa lokal na pagsasaka sa pamamagitan ng pagpapadalas sa paggamit ng merkado ng mga magsasaka at mga tindahan sa tabing daan. Tinutustusan ang bahagi nito ng pondo mula sa USDA ng federal.

Ang Inyong Mga Karapatan

Bilang aplikante/kalahok ng Programa ng Nutrisyon para sa Senior Citizen sa Merkado ng mga Magsasaka may karapatan kayong:

- **tratuhin nang may dangal, respeto at walang diskriminasyon;**
- **aabisuhan sa pamamagitan ng panulat sa loob ng 15 araw ng aplikasyon kung hindi kayo napagpasyahang kwalipikado;**
- **i-apela ang pasya ng pagiging di-kwalipikado kung sa pakiramdam ninyo na ang pasya ay maling nagawa;**
- **panatilihing pribado ang ibinigay ninyong impormasyon maliban kung hinihiling ninyo itong ibahagi;**
- **maghain ng reklamo kung sa pakiramdam ninyo hindi kayo tinrato nang mabuti;**
- **magkaroon ng malinaw na direksyon kung paano at saan gagamitin ang mga tsekeng natanggap ninyo;**
- **malaman ang tungkol sa iba pang mga serbisyong mapapakinabangan ninyo. Maaari kayong makipag-ugnayan sa Impormasyon at Tulong sa Senior Citizen kung nais ninyo na malaman ang tungkol sa iba pang mga serbisyo para sa mga senior citizen sa lugar ninyo.**

Ang Inyong Mga Responsibilidad

Bilang aplikante/kalahok ng Programa ng Nutrisyon para sa Senior Citizen sa Merkado ng mga Magsasaka may responsibilidad kayong:

- **magbigay ng wastong impormasyon sa abot ng nalalaman ninyo upang mapasyahan ang kwalipikasyon;**
- **maintindihan na ang pagbibigay ng maling impormasyon at/o sadyang paglihim ng mga katotohanan ay maaaring magresulta sa inyong pagsasauli ng mga benepisyo o legal na hakbang;**
- **maintindihan na ang pagtatangkang mangolekta ng mga benepisyo higit sa isang beses sa iba't ibang lugar ng pagpapamahagi sa yugto ng panahon ay magresulta ng pagkakaalis sa programa;**
- **kainin nang sarili ang mga preskong bunga na nakuha sa pamamagitan ng programang ito;**
- **ingatan ang mga tsekeng natanggap ninyo. Mangyaring iulat kung mawala o manakaw ang mga ito sa ahensiyang nag-isyu ng inyong mga tseke. Hindi maaaring palitan ang mga ito.**
- **kunin ang inyong mga tseke sa isang Awtorisadong Magsasaka sa pagitan ng Hunyo 1 hanggang Oktubre 31.**
- **maintindihan na ang pondo ay limitado sa programang ito at ibinibigay sa paraang paunahan hanggang maubos ang pondo.**

Alinsunod sa Pederal na batas at patakaran ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos, ang institusyong ito ay pinagbabawalan mula sa pandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan o paghihiganti para sa aktibidad dati sa mga karapatang sibil sa anumang programa o aktibidad na ginagawa o pinopondohan ng USDA. Upang magsampa ng reklamo, sumulat sa USDA, Director, Office of Civil Rights, 1400 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20250-9410 o tumawag sa (866) 632-9992 (voice) o (800) 877-8339 (TTY). Makikita ang mga form sa online sa: http://www.ascr.usda.gov/complaint_filing_cust.html. Ang USDA ay isang tagabigay ng serbisyo at employer na nagbibigay ng pantay na pagkakataon.